

# Araling Panlipunan

## Patnubay ng Guro

Ang aklat sa pagtuturong ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga edukador mula sa mga publiko at pribadong paaralan, kolehiyo, at/o unibersidad. Hinihikayat namin ang mga guro at ibang nasa larangan ng edukasyon na mag-email ng kanilang puna at mungkahi sa Kagawaran ng Edukasyon sa [action@deped.gov.ph](mailto:action@deped.gov.ph).

Mahalaga sa amin ang inyong mga puna at mungkahi.

**Kagawaran ng Edukasyon**  
**Republika ng Pilipinas**

**Araling Panlipunan – Ikaapat na Baitang**  
**Patnubay ng Guro**  
**Unang Edisyon 2015**  
**ISBN: \_\_\_\_\_**

**Paunawa hinggil sa karapatang-sipi.** Isinasaad ng Seksiyon 176 ng Batas Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda/materyales (mga kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, palabas sa telebisyon, pelikula atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagtibay sa isang kasunduan ng Kagawaran ng Edukasyon at Filipinas Copyright Licensing Society (FILCOLS), Inc. na ang FILCOLS ang kumakatawan sa paghiling ng pahintulot sa nagmamay-ari ng mga akdang hiniram at ginamit dito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng tagapaglathala (*publisher*) at mga may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

**Kalihim:** Br. Armin A. Luistro FSC

**Pangalawang Kalihim:** Dina S. Ocampo, PhD

**Direktor IV:** Marilyn D. Dimaano, EdD

**Direktor III:** Marilette R. Almayda, PhD

**Mga Bumuo ng Patnubay ng Guro**

**Konsultant:** Florisa B. Simeon

**Tagasuri at Editor:** Aurea Jean A. Abad

**Mga Manunulat:** Ma. Corazon V. Adriano, Marian A. Caampued,  
Charity A. Capunitan, Walter F. Galarosa, Noel P.  
Miranda, Emily R. Quintos

Belen P. Dado, Ruth A. Gozun, Rodante S. Magsino,  
Maria Lucia L. Manalo, Jose B. Nabaza, Evelyn P. Naval

**Illustrator:** Peter D. Peraren

**Layout Artist/Designer:** Florian F. Cauntay, Belinda A. Baluca

**Punong Tagapangasiwa:** Anna Lourdes Abad-Falcon

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS)**

Office Address: 5th Floor, Mabini Bldg., DepEd Complex, Meralco Avenue  
Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (02) 634-1054 or 634-1072

E-mail Address: imcsetd@yahoo.com

# Yunit I

---

## Ang Aking Bansa

### Pananaw

Sa simulang aralin ng yunit ay tatalakayin ang pagkilala sa bansa. Nakapaloob dito ang pagtalakay sa konsepto ng bansa, pagbuo ng kahulugan nito, at pagpapaliwanag na ang Pilipinas ay isang bansa. Kasunod nito ay ang pagtatampok sa relatibong lokasyon ng Pilipinas batay sa mga nakapaligid dito gamit ang mga pangunahin at pangalawang direksiyon. Tutukuyin din sa mapa ang kinalalagyan ng Pilipinas sa rehiyong Asya at sa mundo. Sa bandang huli ay ipaliliwanag ang katangian ng Pilipinas bilang isang bansang *maritime* o insular, at tatalakayin ang katangiang pisikal ng bansa. Ilalarawan ang bansa ayon sa mga katangiang pisikal at pagkakakilanlang heograpikal nito. Isusunod ang paglalarawan sa kalagayan ng Pilipinas na nasa Pacific Ring of Fire at ang mga implikasyon nito. Itatampok din ang mga mungkahi upang mabawasan ang masamang epektong dulot ng kalamidad. Sa dakong huli ay ilalahad ang konklusyon tungkol sa kahalagahan ng mga katangiang pisikal sa pag-unlad ng bansa.

### ARALIN 1 Ang Pilipinas ay Isang Bansa

Takdang Panahon: 1-3 araw

#### Layunin

1. Natatalakay ang konsepto ng bansa
2. Nakabubuo ng kahulugan ng bansa
3. Naipaliliwanag na ang Pilipinas ay isang bansa

#### Paksang Aralin

Paksa : Ang Pilipinas ay Isang Bansa

Kagamitan : mapa ng Asya at mundo, panulat

Sanggunian : Learner's Material, p. 2-7

K to 12 – AP4AAB-Ia-1; AP4AAB-Ib-2; AP4AAB-Ib3

#### Pamamaraan

##### A. Panimula

1. Ipalaro ang “Sakay, Lakbay, Salakay!” (likhang laro ni Ynnos Azaban)
  - a. Sabihin sa mga mag-aaral na kumuha ng ikaapat na bahagi ng papel. Pasulatan ito ng pangalan ng bansa na alam nila maliban sa Pilipinas. Tanggapin kung may magkapare-parehong bansa.
  - b. Sabihan silang bumuo ng malaking bilog na ang bawat isa ay nakaharap sa loob nito. Ipalapag sa sahig sa tapat nila ang mga papel na may nakasulat na pangalan ng bansa.

- c. Pupuwesto ang guro sa loob ng bilog. Sabihan sila na kapag sinabi ng guro na “Sakay!” kailangan nilang tumalikod at kapag sinabing “Lakbay!” kailangang lumakad paikot sa kanan ang mga mag-aaral (habang ginagawa ito ng mga mag-aaral, magbabawas ng isang papel ang guro). Kapag sinabi ng guro ang “Salakay!” kailangang huminto ang mga mag-aaral at tatapat sa mga papel na may nakasulat na bansa. Ang mag-aaral na walang matatapatang papel ay hindi na kasali sa laro at uupo na.
  - d. Maaaring gawin ang laro sa loob ng 3–4 na minuto.
  - e. Bigyan ng mas mataas na puntos sa pakikilahok at palakpak ang mga mag-aaral na matitira sa laro.
2. Itanong:
- a. Ano-ano ang mayroon sa laro na inyong ginawa?
  - b. Kung wala ang mga bagay na bumubuo sa laro, magagawa kaya ang laro?
  - c. Sa mga natanggal sa laro, ano ang naramdaman ninyo?
  - d. Sa mga nanatili sa laro, ano ang naramdaman ninyo?
  - e. Bakit mahalagang makapuwesto ka sa tapat ng papel na may nakasulat na bansa?
3. Isulat sa pisara ang sagot ng mga mag-aaral.  
Mga maaaring sagot...
- a. Tao o manlalaro, papel na may nakasulat na salitang bansa, sahig kung saan nakapuwesto ang papel.
  - b. Maaaring hindi, dahil kailangan ng manlalaro at ng papel na nakalagay sa sahig.
  - c. Nalungkot dahil hindi na ako kasali sa laro.
  - d. Masaya dahil may puwesto ako lagi. Masaya dahil may bansa ako na napuwestuhan.
  - e. Kasi hindi ako natatanggal sa laro. Kasi may puwesto ako lagi.
4. Iugnay ang mga sagot sa aralin.  
Tulad ng ating nilaro, may mahahalagang bagay na kailangan upang matawag na bansa ang isang lugar. Iyan ang pag-aaralan natin ngayon.

## **B. Paglinang**

1. Ilahad ang aralin sa pagpapasagot sa mga tanong sa **Alamin Mo**, LM, pahina 2.
2. Pakinggan ang mga sagot ng mga mag-aaral. Tanggapin ang lahat ng sagot nila.
3. Ipabasa ang tekstong nagpapaliwanag sa kahulugan at mga elementong bumubuo sa isang bansa.
4. Ipasagot ang mga tanong tungkol sa binasang teksto sa LM, p. 4.
5. Ipagawa ang mga sumusunod:

### **Gawain A**

- Ipaliwanag ang pamamaraan sa paggawa ng Gawain A sa LM, pahina 5.
- Ipasulat ang kanilang mga sagot sa notbuk.

### Gawain B

- Magpabuo ng pangkat na may tatlong kasapi lamang (*triad*).
- Ipaliwanag ang pamamaraan sa paggawa ng Gawain B sa LM, p. 5.
- Ipakopya sa papel ang saranggola at ipasulat ang sagot dito.

### Gawain C

- Gamitin ang kaparehong pangkat sa Gawain B.
- Ipaliwanag ang pamamaraan sa paggawa ng Gawain C sa LM, pahina 5.
- Ipabasa ang tula tungkol sa bansa.
- Ipagawa ang isinasaad ng panuto sa gawain.
- Sabihin sa mga kasapi ng pangkat na *triad* na ibahagi sa isa't isa ang ginawang pagbilog sa mga salitang nagpapatunay na ang Pilipinas ay isang bansa.
- Pag-usapan kung ang kanilang sagot ay ayos na bago ipawasto sa guro.

6. Bigyang-diin ang kaisipan sa **Tandaan Mo** sa LM, p. 6 at talakayin ang sagot.

### Pagtataya

Pasagutan ang bahaging **Natutuhan Ko** sa LM, p. 6.

### Takdang Gawain

Magdala ng mapa ng Asya at ng mundo na nagpapakita ng kinalalagyan ng Pilipinas.

### Susi sa Pagwawasto

#### Gawain A

2, 3, 4, 5

#### Gawain B

1–4. Tao, Teritoryo, Pamahalaan, at Soberanya. Maaaring hindi sunod-sunod.

#### Gawain C

Ang mga may bilog ay ang mga salita/pariralang *tao*, *malaya*, *mayroong namamahala*, at *may teritoryo*.

### Natutuhan Ko

- Ang mga may tsek ay ang bilang 1, 3, 4, at 5.
1. ☺                      2. ☹                      3. ☹                      4. ☺                      5. J
- Ang sagot ay maaaring:

Sa itaas na bahagi ng bandila: Ang bansa ay binubuo ng tao, teritoryo, may pamahalaan, at may kalayaaan.

Sa ibabang bahagi ng bandila: Ang Pilipinas ay isang bansa dahil may mga taong nakatira dito, may sariling teritoryo, may pamahalaan, at malaya.

Maaaring may ibang sagot ang mga mag-aaral. Tanggapin kung malapit sa sagot na ibinigay sa itaas.

## Pangwakas na Gawain

Bumuo ng pangkat na may tatlong kasapi. Magpagawa ng islogan tungkol sa pagiging isang bansa ng Pilipinas. Sikaping maipakita ang katangian ng pagiging bansa nito. Gawing gabay ang *rubric* sa ibaba.

	8-10	5-7	3-4	1-2
<b>Nilalaman 10 puntos</b>	Ang mensahe ay mabisang naipakita.	Di gaanong naipakita ang mensahe.	Medyo magulo ang mensahe.	Walang mensaheng naipakita.
<b>Pagkamalikhain 8 puntos</b>	Napakaganda at napakalinaw ng pagkakasulat ng mga titik.	Maganda at malinaw ang pagkakasulat ng mga titik.	Maganda ngunit di gaanong malinaw ang pagkakasulat ng mga titik.	Di maganda at malabo ang pagkakasulat ng mga titik.
	6-7	4-5	2-3	1
<b>Kaugnayan sa Paksa 7 puntos</b>	May malaking kaugnayan sa paksa ang islogan.	Di gaanong naipakita ang kaugnayan sa paksa ang islogan.	Kaunti lamang ang kaugnayan ng islogan sa paksa.	Walang kaugnayan sa paksa ang islogan.
	4-5	3	2	1
<b>Kalinisan 5 puntos</b>	Malinis na malinis ang pagkakabuo.	Malinis ang pagkakabuo.	Di gaanong malinis ang pagkakabuo.	Marumi ang pagkakabuo.
<b>Kabuang Puntos = 30</b>				

Itanghal ang mga nagawang islogan sa likuran ng silid-aralan. Hikapatin ang mga mag-aaral na tingnan at basahin ang mga nakapaskil na islogan.

## ARALIN 2 Ang Kinalalagyan ng Pilipinas

**Takdang Panahon: 1-3 araw**

### Layunin

1. Natutukoy ang relatibong lokasyon ng Pilipinas batay sa mga nakapaligid dito gamit ang pangunahin at pangalawang direksiyon
2. Natutukoy sa mapa ang kinalalagyan ng bansa sa rehiyong Asya at sa mundo

### Paksang Aralin

Paksa : Ang Kinalalagyan ng Pilipinas

Kagamitan : globo at mga mapa ng Asya at mundo, panulat

Sanggunian : Learner's Material, pp. 8-14

K to 12 – AP4AAB-Ic-4; AP4AAB-Ic5

## Pamamaraan

### A. Panimula

1. Pangkatin ang mga mag-aaral sa lima. Pasagutan ang *worksheet* na naglalaman ng sumusunod:

□ ← Teacher's table

Column	1	2	3	4	5
Row 1					
2					
3					
4					

2. Itanong:
  - a. Mula sa gitna ng silid-aralan, ano ang makikita sa gawing hilaga? Silangan? Timog? Kanluran?
  - b. Ano ang masasabi ninyo sa puwesto ninyo na isinasaad sa *worksheet*?
  - c. Bakit mahalagang malaman ang mga nakikita sa inyong paligid?
3. Isulat sa pisara ang sagot ng mga mag-aaral.  
Maaaring sagot:
  - a. Kisame, dekorasyon, sahig, silya, at bintana.
  - b. Maaaring makatulong ang mga nasa paligid upang malaman kung nasaan ang isang lugar.
4. Ipagawa ito sa kaparehong pangkat.  
Hanapin sa globo ang kinalalagyan ng Pilipinas. Sagutin ang mga tanong:
  - a. Saang bahagi ng mundo matatagpuan ang Pilipinas?
  - b. Ano-ano ang nakapaligid sa Pilipinas?
  - c. Ano ang masasabi mo sa kinalalagyan ng Pilipinas?
5. Iugnay ang mga sagot sa aralin.

### B. Paglinang

1. Ilahad ang aralin sa pagpapasagot sa mga tanong sa **Alamin Mo**, LM, pahina 10.
2. Pakinggan ang mga sagot ng mag-aaral. Tanggapin ang lahat ng kanilang sagot.
3. Ipabasa ang tekstong naglalahad ng pagtalakay sa lokasyon ng Pilipinas at sa mga nakapaligid dito.
4. Ipasagot ang mga tanong tungkol sa binasang teksto sa LM, p. 10.
5. Ipagawa ang mga gawain.

### Gawain A

- Ipaliwanag ang pamamaraan sa paggawa ng Gawain A sa LM, pahina 11.
- Ipakopya sa notbuk ang mga grapikong pantulong sa LM, p. 12 at ipasulat dito ang sagot ng mga mag-aaral.

### Gawain B

- Magpabuo ng pangkat na may 10 kasapi.
- Ipaliwanag ang pamamaraan sa paggawa ng Gawain B sa LM, pahina 12.
- Ipagawa ang gawain.

6. Bigyang-diin ang kaisipan sa **Tandaan Mo** sa LM, p. 13.

### Pagtataya

Pasagutan ang bahaging **Natutuhan Ko** sa pp. 13–14 ng LM.


### Takdang Gawain

Magdala ng *ruler* na may panukat na sentimetro at mapa ng Asya at mundo.


### Susi sa Pagwawasto

#### Gawain A

Mga Pangunahing Direksiyon



Mga Pangalawang Direksiyon







## Pangwakas na Gawain

Isagawa ang larong *Scavenger's Hunt*.

Panuto:

1. Pangkatin ang mga mag-aaral sa apat.
2. Sabihing may kailangan silang gamit o bagay na dapat makuha.
3. Makukuha nila ang mga gamit o bagay kung matutukoy nila ang direksiyon ng bagay na ipinahahanap.
4. Sa silid, ikalat ang mga salitang Taiwan, Karagatang Pasipiko, Indonesia, Vietnam, Dagat Pilipinas, Palau Islands, Paracel Islands, at Borneo ayon sa mga direksiyong kinalalagyan nito kung ang batayan ay Pilipinas.
5. Ibigay ang *task card* sa bawat pangkat:  
Pangkat 1 – Ang mga bagay na hahanapin ninyo ay nasa timog, timog-silangan, at kanluran ng Pilipinas. (Hanapin ang mga bagay sa lugar na tinukoy.)  
Pangkat 2 – Ang mga bagay na hahanapin ninyo ay nasa silangan, timog-kanluran, at hilaga ng Pilipinas. (Hanapin ang mga bagay sa mga lugar na tinukoy.)  
Pangkat 3 – Ang mga bagay na hahanapin ninyo ay nasa hilagang-silangan, hilagang-kanluran, at kanluran ng Pilipinas. (Hanapin ang mga bagay sa mga lugar na tinukoy.)  
Pangkat 4 – Ang mga bagay na hahanapin ninyo ay nasa timog-hilaga, at timog-silangan ng Pilipinas. (Hanapin ang mga bagay sa mga lugar na tinukoy.)
6. Sa ilalim ng mga salita ay makikita ang mga bagay na dapat kunin ng bawat pangkat ayon sa direksiyong ibinigay sa kanila.

Lugar	Lokasyon	Bagay na Hahanapin
Taiwan	hilaga	lapis
Karagatang Pasipiko	silangan	bolpen
Indonesia	timog	papel
Vietnam	kanluran	tsok
Dagat Pilipinas	hilagang-silangan	krayola
Palau Islands	timog-silangan	pantasa
Paracel Islands	hilagang kanluran	pambura
Borneo	timog-kanluran	panyo

### Mungkahi

Gawing dalawang piraso lagi ang bilang ng mga bagay. Maaari ding isulat na lamang sa mga *strip* ng kartolina ang mga pangalan ng bagay o kaya'y iguhit ang mga larawan nito.

7. Ito ang inaasahang makukuhang mga bagay ng bawat pangkat:  
Pangkat 1 – papel, pantasa, at tsok  
Pangkat 2 – bolpen, pambura, at lapis  
Pangkat 3 – pantasa, pambura, at tsok  
Pangkat 4 – papel, lapis, at pantasa

- Bigyan ng 10 puntos ang mga pangkat na makakukuha ng tatlong tamang bagay, 5 puntos sa makakakuha ng dalawang tamang bagay, at 3 puntos sa makakukuha ng isang tamang bagay lamang.

### ARALIN 3 Ang Teritoryo ng Pilipinas

Takdang Panahon: 1–3 araw

#### Layunin

- Nakagagawa ng interpretasyon tungkol sa kinalalagyan ng bansa gamit ang mga batayang heograpiya tulad ng iskala, distansiya, at direksiyon
- Natatalunton ang mga hangganan at lawak ng teritoryo ng Pilipinas gamit ang mapa

#### Paksang Aralin

Paksa : Ang Teritoryo ng Pilipinas

Kagamitan : lapis, ruler, at mga mapa ng Asya at mundo

Sanggunian : Learner's Material, pp. 15–20

K to 12 – AP4AAB-Id-6; AP4AAB-Id-7

#### Pamamaraan

##### A. Panimula

- Ipakita ang ilustrasyon sa mga bata. Sabihing ipagpalagay nila na may bata sa gitna ng Pilipinas at kaniyang mga kamag-anak o kaibigan sa palibot nito. Sabihin na karamihan sa mga Pilipino ay may kamag-anak o kaibigang nakatira sa ibang bansa. Sa pamamagitan ng mapa at mga batayang heograpiya, matutulungan mo silang malaman o matalunton ang kinalalagyan ng Pilipinas at maging ang hangganan at lawak nito.
  - Pabuuin ang mga mag-aaral ng pangkat na may limang kasapi.
  - Ipalabas ang kanilang mga ruler at lapis.
  - Gamit ang mapa at ruler, ipasulat ang distansiya mula sa Pilipinas patungo sa mga bansang nakapaligid dito.
- Itanong:
  - Batay sa inyong ginawa, ano ang napansin ninyo sa distansiya o layo ng mga kamag-anak at kaibigan ng bata?
  - Taga-saang lugar ang pinakamalapit sa bata?



- c. Taga-saang lugar naman ang pinakamalayo?
  - d. Ano ang ginawa ninyo para masukat ang layo o distansiya ng bata mula sa mga kamag-anak o kaibigan niya sa ibang bansa?
3. Isulat sa pisara ang sagot ng mga mag-aaral.  
Maaaring sagot:
- a. Magkakaiba ang layo ng mga kaibigan o kamag-anak ng bata.
  - b. Malaysia
  - c. USA
  - d. Gumamit ng ruler at lapis sa pagsukat ng linya.
4. Iugnay ang mga sagot sa aralin.  
Alam ba ninyo na maaaring sukatin ang layo ng Pilipinas sa ibang lugar sa mapa na parang ito talaga ang totoong distansiya o layo nila sa isa't isa? Iyan ang aalamin natin sa araling ito.

## **B. Paglinang**

1. Ilahad ang aralin sa pagpapasagot sa mga tanong sa **Alamin Mo**, LM, pahina 15.
2. Pakinggan ang mga sagot ng mga mag-aaral. Tanggapin ang mga sagot nila.
3. Ipabasa ang tekstong naglalahad ng pagtalakay sa teritoryong sakop ng Pilipinas at ang distansiya ng mga nakapaligid dito.
4. Ipagawa ang mga gawain.

### **Gawain A**

- Sabihan ang mga mag-aaral na kumuha ng kapareha.
- Ipaliwanag ang pamamaraan sa paggawa ng Gawain A sa LM, pahina 17.
- Ipasulat ang mga sagot ng mga mag-aaral sa kanilang notbuk.

### **Gawain B**

- Ipagawa sa magkaparehang mag-aaral ang Gawain B sa LM, p. 17.
- Ipaliwanag ang pamamaraan sa paggawa ng Gawain B.

### **Gawain C**

- Ipaliwanag ang pamamaraan sa paggawa ng Gawain C sa LM, pahina 18.
- Gamit ang dating magkapatay ipagawa ang isinasaad ng panuto sa Gawain C.
- Ipasulat ang kanilang mga sagot sa notbuk.

5. Bigyang-diin ang mga kaisipan sa **Tandaan Mo** sa LM, p. 18.

## **Pagtataya**

Pasagutan ang bahaging **Natutuhan Ko** sa LM, p. 19.

## **Takdang Gawain**

Magdala ng mapang pangklima ng Asya o ng mundo.

## Susi sa Pagwawasto

### Gawain A

Ang sagot ay depende sa mapang gagamitin.

Gumamit ng ruler sa pagwawasto ng sagot ng mga mag-aaral gamit ang iskalang 1 cm = 5 000 km.

### Gawain B

Ang sagot ay depende sa mapang gagamitin at sa bansa o lugar na mapipili ng mag-aaral.

Gumamit ng ruler sa pagwawasto ng sagot ng mga mag-aaral gamit ang iskalang 1 cm = 5 000 km.

### Gawain C

Maaaring sagot: Napakaganda ng lokasyon at teritoryo ng Pilipinas dahil napapalibutan ito ng iba't ibang anyong lupa. (Maaaring may iba't ibang sagot ang mga mag-aaral.)

### Natutuhan Ko

- I. 1. D
2. C
3. D
4. C
5. B

II. Ang sagot ay depende sa mapang gagamitin ng mag-aaral o ipagagamit ng guro. Gumamit ng ruler sa pagwawasto ng sagot ng mga mag-aaral gamit ang iskalang 1 cm = 5 000 km.

III. Ang may tsek (✓) ay ang sumusunod:

1. tubig
2. napakalayo sa Pilipinas
3. medyo malayo
4. mas maliit
5. mainam sa kalakalan at mayaman sa yamang likas

### Pangwakas na Gawain

1. Pangkatin ang mga mag-aaral sa lima.
2. Bigyan sila ng *task card* na naglalaman ng sumusunod:  
Gamit ang mapa ng Asya at ruler na nakabatay sa iskalang 1 cm = 5 000 km, ibigay ang mga lugar na tinutukoy sa sukat na distansiya sa iskala.
  - a. Anong lugar ang nasa 50,000 kilometrong layo sa kanluran ng Pilipinas?
  - b. Anong lugar ang nasa 20,000 kilometrong layo sa hilaga ng Pilipinas?
  - c. Anong lugar ang nasa 60,000 kilometrong layo sa silangan ng Pilipinas?
  - d. Anong lugar ang nasa 10,000 kilometrong layo sa timog ng Pilipinas?
3. Isulat ang sagot sa ika-apat na bahagi ng papel at kapag nasagot na lahat ng apat na tanong, pumunta ang lahat ng kasapi ng pangkat sa harapan ng klase. Sabihin ang mga lugar na isinagot.

4. Bigyan ng puntos ang mga pangkat batay sa bilang ng kanilang tamang sagot.
  - 4 na tamang sagot = 20 puntos
  - 3 tamang sagot = 15 puntos
  - 2 tamang sagot = 10 puntos
  - 1 tamang sagot = 5 puntos

## ARALIN 4 Ang Pilipinas ay Bansang Tropikal

**Takdang Panahon: 1–2 araw**

### Layunin

1. Naiuugnay ang klima at panahon sa lokasyon ng bansa sa mundo
2. Nakikilala na ang Pilipinas ay isang bansang tropikal

### Paksang Aralin

Paksa : Ang Pilipinas ay Isang Bansang Tropikal

Kagamitan : mapang pangklima ng mundo, tsart ng *Loop-A-Word* sa *manila paper*, at panulat

Sanggunian : Learner's Material, pp. 21–26  
K to 12 – AP4AAB-Ie-f-8

### Pamamaraan

#### A. Panimula

1. Ipaskil ang tsart ng *Loop-A-Word* sa pisara.
2. Pabilugan sa mga mag-aaral ang salitang inilalarawan sa bawat bilang sa LM, p. 21.
3. Itanong:
  - a. Ano-anong klima at panahon ang natukoy sa pagbilog sa mga salita?
  - b. Alin sa mga natukoy ang panahong nararanasan sa Pilipinas?
  - c. Ano kaya ang klimang nararanasan sa Pilipinas?
4. Isulat sa pisara ang sagot ng mga mag-aaral.
5. Iugnay ang mga sagot sa aralin.

#### B. Paglinang

1. Ipabasa ang tekstong naglalahad ng pagtalakay sa pagiging bansang tropikal ng Pilipinas sa p. 22 ng LM.
2. Ipagawa ang mga gawain.

#### Gawain A

- Pangkatin ang klase sa lima.
- Ipaliwanag ang pamamaraan sa paggawa ng Gawain A sa LM, pahina 24.

### Gawain B

- Ipagawa sa magkaparehang mag-aaral ang Gawain B sa LM, p. 24.
- Ipaliwanag ang pamamaraan sa paggawa ng gawain.
- Ipabahagi sa kapareha ang nagawa.

### Gawain C

- Bumuo ng pangkat na may 3-5 kasapi.
- Ipagawa ang isinasaad ng panuto sa Gawain C sa LM, p. 24.
- Ipasulat sa papel ang nalikhang awit.
- Ipaawit ito sa klase.

5. Bigyang-diin ang mga kaisipan sa **Tandaan Mo** sa LM, p. 25.

### Pagtataya

Pasagutan ang bahaging **Natutuhan Ko** sa pp. 25–26 ng LM.

### Takdang Gawain

Magdala ng mapang pangklima.

### Susi sa Pagwawasto

#### Gawain A

Mga maaaring sagot: Pilipinas, India, Yemen, Oman, Malaysia, at Indonesia

#### Gawain B

Ang sagot ay depende sa pag-unawa ng mga mag-aaral.

#### Gawain C

### Rubric sa Paglikha ng Awit


	3	2	1
Kaangkupan sa Paksa – 3	Napalutang o naipakita nang ganap ang paksa o tema sa awit.	Napalutang o naipakita ang paksa o tema sa awit.	Hindi lumutang o naipakita ang paksa o tema sa awit.
Pagkamalikhain – 3	Naipakita ang pagiging malikhain sa paglikha ng awit.	Nakapagpakita ng kaunting pagkamalikhain sa awit.	Hindi masyadong malikhain ang pagkakagawa ng awit.
Kooperasyon – 3	Bawat isa ay nakibahagi sa paglikha at pagtatanghal ng awit.	Karamihan ay nakibahagi sa paglikha at pagtatanghal ng awit.	May mga hindi nakibahagi sa paglikha at pagtatanghal ng awit.
Nilalaman – 3	Ang awit ay kawili-wili at makahulugan.	Ang awit ay makahulugan ngunit di gaanong kawili-wili.	Ang awit ay kawili-wili ngunit hindi makahulugan.
Paglalatap ng musika – 3	Napakaganda ng himig ng awit.	Maganda ang himig ng awit.	May maayos na himig ang awit.

**Natutuhan Ko**

I. Ang mga dapat may tsek:

- Ang bansa ay bahagi ng Asya.
- Kadalasang mainit ang panahon sa bansa.
- Malapit na malapit sa ekwador ang bansa,
- Nabibilang ang bansa sa mga lugar sa mababang latitud.
- Nakararanas ng matinding init ng panahon ang bansa.
- Direktang nakatatanggap ng sikat ng araw ang bansa.

II.



III. May kani-kaniyang sagot ang mga mag-aaral.

Maaaring sagot:

Maganda	Hindi Maganda
Masarap maligo sa dagat o <i>beach</i> .	Maaaring magkasakit sa sobrang init.

**Pangwakas na Gawain**

1. Pangkatin ang klase sa lima.
2. Ibigay sa bawat pangkat ang papel na may *word hunt*.
3. Ibigay ang panuto:
  - a. Hanapin ang mga salita o pahayag sa loob ng kahon na may kaugnayan sa pagiging tropikal ng isang bansa.
  - b. Pabilugan ang makikitang mga salita o pahayag.
  - c. Bibigyan lamang kayo ng limang minuto para gawin ang *task*.
  - d. Ang pinakamaraming mabilugang tamang salita o pahayag ang panalo at tatanggap ng 20 puntos at masigabong palakpakan.



- e. Ang ibang pangkat naman ay maaaring bigyan ng 5 hanggang 15 puntos ng guro depende sa dami ng kanilang nabilugang tamang salita o pahayag.

WORD HUNT BOX

a d f g q w e a z v b n m j k a l q a r a n m q f j k l o o p a e u o q t l d  
f g a q t e y l a a j a c k e t **t u y o d e t e p a y o n g e** q u y o a s k n n  
**m a n i n i p i s n a d a m i t** k l z a g h a d t k l z a c b n k o p q a t  
r s n **p a l i l i g o s a d a g a t a** q k t w x b z m s n o w h a s a d f g  
q w e a z v b n m j k a l q a r a n m q f j k l o o p a e u o q t l d f g a q  
t e y l a a d e **p a m a y p a y q y e l o a q e r w q y r a i n c o a t w**  
**l h a l o h a l o** m a c z v b a h r t y u a z v n m a b c d e f g h i j k  
**m s a g o a t g u l a m a n a z x c v w i n t e s x a t a g - u l a n a q**  
a a d f g q w e a z v b n m j k a l q a r a n m q f j k l o o p a e u o q t l  
d f g a a z d g a e q l j s t a g - i n i t a z x v b n a q k b a g y o f u r c  
o a t a q w a z v h j a s g q a a s d a f g a d f g q w e a z v b n m j k a  
l q a r a n m q f j k l o o p a e u o q t e y l a a b a h a y k u b o q e a  
d f g q w e a z v b n m j k a l q a r a n m q f j k l o o p a e u o q t l d f  
g a q t e y l a a h a q s d p o l a r b e a r d a z b j k l q p o q r y a d g j  
a **m a i n i t n a p a n a h o n** a w e t q j s k l q b k l q h e r y a n k  
a r g s h k a l m q e u l a a d f g q w e a z v b n m j k a l q a r a n m q  
f j k l o o p a e u o q t l d f g a q t e b d a k l a n q m j k a l a b a w  
k a l q a r a n m q f j k l o o p a e u o q t l d f g a q t e a d f g q w e a  
z v b n m j k a l q a r a n **m a h a l u m i g m i g** d q a g e t a q r a  
e t u i k l o o p a e u o q t l k l o o p a e u o q t l k l o o p a e u o q t l

## ARALIN 5 Mga Salik na may Kinalaman sa Klima ng Bansa

Takdang Panahon: 5 araw

### Layunin

1. Natutukoy ang iba pang salik (temperatura, dami ng ulan) na may kinalaman sa klima ng bansa
2. Nailalarawan ang klima sa iba't ibang bahagi ng bansa sa tulong ng mapang pangklima

### Paksang Aralin

Paksa : Mga Salik na may Kinalaman sa Klima ng Bansa

Kagamitan : globo, *thermometer*, malaking mapang pangklima ng Pilipinas (ilagay sa *manila paper*), at larawan ng takbo ng hangin kapag may bagyo

Sanggunian : Learner's Material, pp. 27–37

K to 12 – AP4AAB-Ie-f-8

Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports (1994). *Pilipinas: Heograpiya at Kasaysayan 4 (Serye ng Proded)*. Quezon City: Instructional Materials Development Center (IMDC).

MISOSA Lesson #9 (Grade IV)

[www.gov.ph/crisis-response/the-philippine-public-storm-warning-signals/](http://www.gov.ph/crisis-response/the-philippine-public-storm-warning-signals/)

### Pamamaraan

#### A. Panimula

1. Pagbalik-aralan ang nakaraang aralin tungkol sa “Ang Pilipinas ay Bansang Tropikal.”
  - a. Gamit ang globo, ipaturo sa mga bata ang kinalalagyan ng Pilipinas.
  - b. Ipasabi sa mga bata ang eksaktong kinalalagyan ng Pilipinas sa mundo.
  - c. Sabihin sa mga bata na magbigay ng patunay na ang Pilipinas ay isang bansang tropikal.
2. Maghanda ng apat na *thermometer* na ipagagamit sa bawat pangkat. Pangkatin sa apat ang klase at ipakuha ang temperatura sa silid-aralan, sa isang silid na may aircon, sa labas ng silid-aralan, at sa bagong kulong tubig. Ipaliwanag sa mga bata ang wastong paggamit ng *thermometer* at ang pagsulat ng temperatura nito. Ipalahad sa klase ang ginawa ng bawat pangkat.

Itanong:

  - a. Ano ang temperatura ng silid-aralan? ng silid na may aircon? sa labas ng silid-aralan? sa bagong kulong tubig?
  - b. Mataas ba ito o mababa?
  - c. Ano ang nadarama kapag mataas ang temperatura?
  - d. Ano ang nadarama kapag mababa ang temperatura?
3. Magpabalita sa harapan ng klase tungkol sa klima ng bansa. Iugnay ang mga kasagutan ng bata sa aralin.

## B. Paglinang

1. Itanong sa mga bata kung ano sa palagay nila ang iba pang salik na may kinalaman sa klima ng bansa. Tanggapin ang lahat ng sagot. Isulat sa pisara. Gamitin ang tanong sa simula ng bahaging **Alamin Mo** sa LM sa p. 27.
2. Talakayin at pag-usapan ang mga salik na may kinalaman sa klima ng bansa:
  - a. Temperatura
  - b. Dami ng ulan
3. Ipakita sa mga bata ang malaking mapang pangklima ng Pilipinas. Talakayin ang mga panandang ginamit sa mapa.
4. Talakayin din ang mga babala ng bagyo sa p. 33 ng LM.
5. Ipaliwanag sa mga bata ang panuto sa bawat gawain sa bahaging **Gawin Mo** ng LM, pp. 34–35.
6. Bigyang diin ang mga kaisipang natutuhan sa aralin. Ipabasa sa mga bata ang bahaging **Tandaan Mo** sa p. 35 upang mapagtibay ang mga kaisipang dapat nilang malaman.

## Pagtataya

Pasagutan sa mga bata ang bahaging **Natutuhan Ko** sa pp. 36–37 ng LM.

## Takdang Gawain

1. Gumawa ng isang linggong talaan ng temperatura sa inyong lugar sa tuwing 12:00 ng tanghali. Itala sa tsart gamit ang tsart tulad ng nasa ibaba.

Lunes	Martes	Miyerkoles	Huwebes	Biyernes	Sabado	Linggo

2. Kapanayamin ang ilang opisyal ng inyong barangay tungkol sa ginagawa nilang kahandaan tuwing may paparating na bagyo.

## Susi sa Pagwawasto

### Gawain A

- |      |      |      |      |       |
|------|------|------|------|-------|
| 1. I | 3. G | 5. E | 7. A | 9. B  |
| 2. H | 4. F | 6. J | 8. C | 10. D |

### Gawain B

(Hinahayaan sa guro ang pagpapasiya. Gamitin ang inihandang malaking mapang pangklima. Ipalit ang kulay sa mga panandang ginamit—pula para sa unang uri, dilaw para sa ikalawang uri, asul para sa ikatlong uri, at berde para sa ikaapat na uri.)

### Gawain C

1. Ang *climate change* o pagbabago sa klima ay pinaniniwalaang sanhi ng mga gawain ng tao na maaaring makapagpabago sa komposisyon ng atmospera. Nakaaapekto ito sa lalo pang pagtaas ng temperatura kung panahon ng tag-araw na hindi pangkaraniwang pangyayari sa ating kalikasan.

2. May mga pagkakataon kasi na ang kakaibang pag-ihip ng malakas na hangin ay nagpapatuloy hanggang sa ito ay maging isang bagyo.
3. May mga lalawigang nakararanas ng maulang klima sa buong taon dahil sa kalapitan ng mga ito sa baybayin at kawalan ng mga bundok na hahadlang sa ulang dala ng hanging amihan at habagat.
4. Hihikayatin ko ang aking mga magulang at kasambahay na lumikas na at pumunta sa ligtas na lugar o *evacuation center* upang makasiguro sa aming kaligtasan. (Hinahayaan sa guro ang pagpapasiya dahil maaaring magkakaiba ang kasagutan ng mga bata.)

**Natutuhan Ko**

- I. 1. D                    3. B                    5. C                    7. A                    9. A  
 2. A                    4. B                    6. C                    8. D                    10. C

- II. 1. Hanging amihan  
 2. Hanging habagat  
 3. Unang Uri – kalahating taon ng tag-araw at tag-ulan  
 4. Ikalawang Uri – umuulan sa buong taon  
 5. Ikatlong Uri – maulan at may maikling panahon ng tag-araw  
 6. Ikaapat na Uri – pantay-pantay ang dami at pagkakabahagi ng ulan sa buong taon  
 7. Babala Bilang 1 – kapag ang bilis ng hangin ay nasa 30 hanggang 60 kilometro bawat oras sa loob ng 36 na oras  
 8. Babala Bilang 2 – kapag ang bilis ng hangin ay nasa 60 hanggang 100 kilometro bawat oras sa loob ng 24 na oras  
 9. Babala Bilang 3 – kapag ang bilis ng hangin ay nasa 100 hanggang 185 kilometro bawat oras sa loob ng 18 oras  
 10. Babala Bilang 4 – kapag ang bilis ng hangin ay hindi bababa sa 185 kilometro bawat oras sa loob ng 12 oras